**Kagawaran ng Katarungan ng California DIBISYON NG TAGAPAGPATUPAD NG BATAS**
**John D. Marsh, Hepe**

# *INFORMATION BULLETIN*

| Paksa: | No. | Impormasyon para sa Pakikipag-ugnayan: |
|---|---|---|
| **Gabay ng Data sa Automated License Plate Reader ng California** | 2023-DLE-06<br>*Petsa:*<br>10/27/2023 | John D. Marsh, Hepe ng Dibisyon ng Tagapagpatupad ng Batas<br>(916) 210-6300 |

**PARA SA: LAHAT NG LOKAL NA AHENSYANG NAGPAPATUPAD NG BATAS NG ESTADO NG CALIFORNIA**

Ang Information Bulletin na ito ay nagbibigay ng patnubay sa estado ng California at mga lokal na ahensyang nagpapatupad ng batas (sama-samang tinatawag na mga California LEA) tungkol sa pamamahala ng impormasyon ng Automated License Plate Recognition (ALPR) upang matiyak na naaayon sa batas ng California ang pagtatago, pagkuha, pagbabahagi, at paggamit ng impormasyong ito.

Ayon sa kamakailang survey at ulat na ibinigay ng California State Auditor[1], kinukuha at ginagamit ng karamihan sa mga LEA ng California ang mga larawang kuha ng mga ALPR camera. Kahit maaaring maging kapaki-pakinabang na tool ang impormasyon ng ALPR para sa mga layunin ng pagsisiyasat, pinamamahalaan ng batas ng California ang pagkuha, pagtatago, pagbabahagi, at paggamit ng data na ito. Sa partikular, nagpapataw ang Senate Bill 34 (Statutes of 2015, Chapter 532) (SB 34) ng mga kinakailangan sa ALPR system operator at end-user patungkol sa ALPR data na nakuha gamit ang ALPR system, kasama ang kung kanino maaaring ibahagi ang impormasyong ito.

Dapat magsilbing paalala at mapagkukunan ang Information Bulletin na ito para sa mga LEA ng California upang matiyak na naaayon sa batas ng California ang kanilang pagkuha, pagtatago, pagbabahagi, at paggamit ng impormasyon ng ALPR.

## Batas ng Estado na Namamahala sa Paggamit ng Automated License Plate Reader Data (SB 34)

Naging epektibo ang Senate Bill 34 (Statutes of 2015, Chapter 532) (SB 34) noong Enero 1, 2016. Itinatatag ng batas na iyon, na naka-codify sa California Civil Code section 1798.90.5 *et seq*., ang mga kinakailangan—kabilang ang mga proteksyon sa privacy—para sa mga LEA ng California na kumukuha, nagtatago, gumagamit, o nagbabahagi ng ALPR data. Nalalapat ang mga karagdagang kinakailangan sa mga ahensyang nagpapatakbo ng ALPR system. Nakalagay sa ibaba ang mga pangunahing kahulugan mula sa SB 34:

- Ang “impormasyon ng ALPR” ay “impormasyon o data na nakuha gamit ang ALPR system [hindi kasama ang isang ahensya ng transportasyon].” (Civ. Code, § 1798.90.5, subd. (b).)

- Ang “ALPR system” ay tumutukoy sa “maaaring i-search na computerized database na nagreresulta mula sa pagpapatakbo ng isa o higit pang mobile o fixed camera na sinamahan ng mga algorithm ng computer upang basahin at i-convert ang mga larawan ng mga registration plate at mga character na nilalaman nito sa data na nababasa ng computer.” (Civ. Code, § 1798.90.5, subd. (d.)

[1] Available ang buong ulat sa https://www.auditor.ca.gov/reports/2019-118/index.html

- Ang “ALPR operator” ay “isang tao na nagpapatakbo ng ALPR system, ngunit hindi kasama ang isang ahensya ng transportasyon kapag napapailalim sa Section 31490 ng Streets and Highways Code.].) (Civ. Code, § 1798.90.5, subd. (c)

- Ang “ALPR end-user" ay “isang tao na uma-access o gumagamit ng ALPR system,” na may mga pagbubukod na hindi nauugnay sa mga LEA. (Civ. Code, § 1798.90.5, subd. (a).)

- Ang “tao” ay “sinumang natural na tao, pampublikong ahensya, partnership, firm, asosasyon, korporasyon, kumpanyang may limitadong pananagutan, o iba pang legal na entity.” (Civ. Code, § 1798.90.5, subd. (e).)

- Ang “pampublikong ahensya” ay “ang estado, anumang lungsod, county, o lungsod at county, o anumang ahensya o political subdivision ng estado o lungsod, county, o lungsod at county, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, isang ahensyang nagpapatupad ng batas.” (Civ. Code, § 1798.90.5, subd. (f).)

**<u>PATNUBAY TUNGKOL SA SB 34</u>**

Bilang paalala, ipinapataw ng SB 34 ang sumusunod na mga obligasyon sa “mga pampublikong ahensya,” na kinabibilangan ng lahat ng California LEA:

- Ang isang pampublikong ahensiya ay “hindi magbebenta, magbahagi, o maglilipat ng impormasyon ng ALPR, maliban kung patungo sa iba pang pampublikong ahensya, at kung pinahihintulutan lamang ng batas.” “[Ang] probisyon ng data hosting o mga serbisyo sa towing ay hindi dapat ituring na pagbebenta, pagbabahagi, o paglilipat ng impormasyon ng ALPR.” (Civ. Code, § 1798.90.55, subd. (b).)

- Ang pampublikong ahensya na nagpapatakbo o naglalayong magpatakbo ng isang ALPR system ay dapat magbigay ng pagkakataon para sa pampublikong komento sa regular na nakaiskedyul na pagpupulong ng ahensya bago ipatupad ang programang ALPR. (Civ. Code, § 1798.90.55, subd. (a).)

- Dapat bumuo ang mga ALPR operator at end-user ng isang patakaran sa paggamit at privacy, na dapat na kapansin-pansing nai-post sa kanilang website, at dapat mayroong mga probisyon na idinisenyo upang “protektahan ang impormasyon ng ALPR mula sa hindi awtorisadong pag-access, pagsira, paggamit, pagbabago, o pagsisiwalat.” (Civ. Code, §§ 1798.90.53, mga subd. (a)-(b); 1798.90.51, subd. (a)-(b);)

Dapat maingat na suriin ng mga ahensya ang kanilang mga patakaran at pamamaraan upang matukoy kung sila ay isang ALPR operator at/o end-user, gaya ng tinukoy sa itaas, at kung sumusunod sila sa mga obligasyon ng mga operator at end-user na itinakda sa SB 34.

**<u>Pagbabawal sa Pagbebenta, Pagbabahagi, o Paglilipat ng Impormasyon ng ALPR</u>**

ALPR operator o ALPR end-user man ang isang LEA, ipinagbabawal ng SB 34 sa anumang pampublikong ahensiya na magbenta, magbahagi, o maglipat ng impormasyon ng ALPR “maliban kung patungo ito sa iba pang pampublikong ahensya, at ayon lamang sa pinahihintulutan ng batas.” (Civ. Code, § 1798.90.55, subd. (b).) Hindi itinuturing na pagbebenta, pagbabahagi, o paglilipat ng impormasyon ng ALPR ang data hosting o serbisyo sa towing. (*Ibid.*)

Mahalagang tandaan na limitado ang kahulugan ng “pampublikong ahensya” sa pang-estado o lokal na ahensya, kabilang ang mga ahensyang nagpapatupad ng batas, at hindi kasama ang mga ahensyang nagpapatupad ng batas sa labas ng estado o pederal na ahensyang nagpapatupad ng batas. (Tingnan ang Civ. Code, § 1798.90.5, subd. (f).) Alinsunod dito, hindi pinahihintulutan ng SB 34 ang mga LEA ng California na magbahagi ng impormasyon ng ALPR sa mga pribadong entidad o mga ahensyang nasa labas ng estado o pederal, kabilang ang mga ahensyang nagpapatupad ng batas sa labas ng estado at pederal na ahensyang nagpapatupad ng batas. Nalalapat ang pagbabawal na ito sa (mga) database ng ALPR na ina-access ng mga LEA sa pamamagitan ng pribado o pampublikong mga vendor na nagpapanatili ng impormasyon ng ALPR na nakolekta mula sa maraming database at/o pampublikong ahensya.

Hinihikayat ang mga LEA ng California na suriin ang kanilang mga kasunduan sa user ng data upang matiyak na sumusunod sila sa SB 34 at hindi pinapayagan ang pag-access sa mga ahensya maliban sa estado at lokal na mga ahensya, o pinahihintulutang pribadong entity para sa mga layunin ng pagho-host ng data o mga serbisyo sa towing.

Sa pagtugon sa isang kahilingan sa Public Records Act o sapilitang proseso sa paglilitis na naghahanap ng paggawa ng impormasyon ng ALPR, dapat isaalang-alang ng mga California LEA ang lahat ng naaangkop na pribilehiyo at exemption depende sa uri ng kahilingan, na isinasaisip ang utos sa Civil Code section 1798.90.55, subdivision (b), na ang isang end-user o operator ng ALPR ay “hindi magbebenta, magbahagi, o maglilipat ng impormasyon ng ALPR, maliban kung patungo sa iba pang pampublikong ahensya, at ayon lamang sa pinahihintulutan ng batas.”

**Patnubay para sa mga LEA ng California na ALPR Operator**

Hinihikayat ang mga LEA ng California na ***nagpapatakbo*** ng ALPR system na tiyaking sumusunod sila sa mga sumusunod na kinakailangan ng SB 34:

- Panatilihin ang mga makatwirang pamamaraan at kasanayan sa seguridad upang maprotektahan ang impormasyon ng ALPR mula sa hindi awtorisadong pag-access, pagsira, paggamit, pagbabago, o pagsisiwalat. (Civ. Code, § 1798.90.51, subd. (a).)

- Magpatupad ng patakaran sa paggamit at privacy, na dapat na available sa publiko nang nakasulat at kapansin-pansing nai-post sa internet website ng LEA.

    - Mayroong maraming kinakailangan ang SB 34 tungkol sa nilalaman ng patakarang ito. (Tingnan ang Civ. Code, § 1798.90.51, subd. (b).) Pakitingnan ang nakalakip na template ng patakaran na binuo ng Department of Justice ng California upang tulungan ang mga LEA ng California na mga operator at/o end-user sa pagsunod sa SB 34.

- Gawin ang sumusunod, kung ang ALPR operator ay nag-access o nagbigay ng access sa impormasyon ng ALPR (halimbawa, sa iba pang LEA sa pamamagitan ng pagbibigay ng access sa ALPR database nito):

    - Panatilihin ang isang rekord ng access na iyon, kabilang ang:

        - Petsa at oras na na-access ang impormasyon;

        - License plate number o iba pang elemento ng data na ginagamit para magtanong sa ALPR system;

        - User name ng taong nag-access sa impormasyon at, kung naaangkop, ang organisasyon o entity kung saan kaanib ang tao; at

        - Layunin ng pag-access ng impormasyon. (Civ. Code, § 1798.90.52, subd. (a).)

    - Iatas na gamitin lamang ang impormasyon ng ALPR para sa mga awtorisadong layunin na inilarawan sa patakaran sa pagkapribado ng ALPR nito. (Civ. Code, § 1798.90.52, subd. (b).)

- Sumunod sa iniaatas na “magbigay ng pagkakataon para sa pampublikong komento sa regular na nakaiskedyul na pampublikong pagpupulong ng lupon ng tagapamahala ng pampublikong ahensya bago ipatupad ang programa.” (Civ. Code, § 1798.90.55, subd. (a).)
    - Nangangahulugan ito na ang mga ahensya na hindi pa nagpapatupad ng ALPR program pero pinag-iisipang gawin ito ay dapat magbigay ng pagkakataon para sa pampublikong komento tungkol sa iminungkahing programa sa regular na nakaiskedyul na pagpupulong ng lupong tagapamahala ng ahensya bago ipatupad ang programa.
    - Bagama't hindi tinutugunan ng batas ang mga ALPR program na ipinatupad bago ang Enero 1, 2016 (noong pinagtibay ang SB 34), alinsunod sa layunin ng SB 34, mga ahensya na ang mga programa ay nauna pa sa SB 34, dapat isaalang-alang ng mga LEA ang pagbibigay ng pagkakataon para sa pampublikong komento sa ALPR program nito sa regular na nakaiskedyul na pampublikong pagpupulong ng lupong tagapamahala ng ahensya.
    - Ang mga ahensyang nagpatupad ng ALPR program pagkatapos ng Enero 1, 2016, nang hindi nagbibigay ng pagkakataon para sa pampublikong komento, ay dapat ding isaalang-alang ang pagbibigay ng ganoong pagkakataon sa regular na nakaiskedyul na pagpupulong ng lupong tagapamahala ng ahensya.

**<u>Patnubay para sa mga LEA ng California LEA na ALPR End-User</u>**

Ang mga LEA na **nag-a-access o gumagamit** ng ALPR system (na, gaya ng tinukoy sa itaas, ay may kasamang maaaring i-search na computerized database na may impormasyong kuha mula sa mga ALPR camera) ay dapat tiyaking sumusunod sila sa mga sumusunod na kinakailangan sa SB 34:

- Panatilihin ang mga makatwirang pamamaraan at kasanayan sa seguridad upang maprotektahan ang impormasyon ng ALPR mula sa hindi awtorisadong pag-access, pagsira, paggamit, pagbabago, o pagsisiwalat. (Civ. Code, § 1798.90.53, subd. (a).)

- Magpatupad ng patakaran sa paggamit at pagkapribado, na magiging available sa publiko sa pamamagitan nang nakasulat at kapansin-pangsing nai-post sa website ng ahensya. (Civ. Code, § 1798.90.53, subd. (b)(1).)

    - Mayroong maraming kinakailangan ang SB 34 tungkol sa nilalaman ng patakarang ito. (Tingnan ang Civ. Code, § 1798.90.53, subd. (b)(2).) Pakitingnan ang nakalakip na template ng patakaran na binuo ng Department of Justice ng California upang tulungan ang mga LEA ng California na mga operator at/o end-user sa pagsunod sa SB 34.

Bilang paalala, inaatasan ng SB 34 ang mga LEA ng California na gumagana bilang alinman sa mga ALPR operator at/o end-user na kapansin-pansing nai-post ang kanilang mga patakaran ng ALPR sa website ng kanilang ahensya, kung mayroon silang website. Ang paglalagay ng naturang patakaran sa isang manwal, nang hindi binabanggit sa pangunahing web page ng kanilang ahensya ang pagkakaroon ng at/o link sa naturang patakaran, ay maaaring hindi makatutugon sa iniaatas ng SB 34 na "kapansin-pansing i-post sa Internet Web site na iyon" ang naturang mga patakaran (Civ. Code, §§ 1798.90.51, mga sub. (b)(1), 1798,90.53, subd. (b)(1).)

**Pag-access sa National Crime Information Center (NCIC) at CA DOJ License Plate Data ng FBI**

Bukod pa sa mga kinakailangan sa bulletin na ito kaugnay sa ALPR data, maaaring i-access ng mga LEA ang mga file ng license plate data ng Department of Justice ng NCIC at California, na gagamitin para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas lamang, sa ilalim ng proseso ng awtorisasyon at mga paghihigpit na nakabuod sa Bulletin #23-01 -CJIS [Na-update na Gabay sa Database ng California Value's Act].

**Karagdagang mga Sangguniang Materyal**

Sa pagpapatuloy, habang ginagamit ng iyong ahensya ang teknolohiya ng ALPR at mga nauugnay na pag-download ng file, hinihikayat kang regular na suriin ang iyong mga patakaran at paggamit upang matiyak na sinusunod ang lahat ng naaangkop na kinakailangan. Bukod pa sa mga sangguniang materyal, isinama ang mga sumusunod na mapagkukunan para rin sa iyong pagsasaalang-alang:

- **Ulat ng Auditor ng Estado ng California, 2019-118**
  "ALPRS: Para Mas Maprotektahan ang Privacy ng mga Indibidwal, Dapat Dagdagan ng Tagapagpatupad ng Batas ang mga Pag-iingat Nito sa Data na Kinukuha nito"
  https://www.auditor.ca.gov/reports/2019-118/index.html

- **DOJ Information Bulletin, 18-10-CJIS**
  "Gabay sa Database ng Values Act ng California"
  https://oag.ca.gov/sites/all/files/agweb/pdfs/info_bulletins/18-10-cjis.pdf

- **DOJ Information Bulletin, 23-01-CJIS**
  "Updated na Gabay sa Database ng Value's Act ng California" https://oag.ca.gov/info-bulletins

Para sa mga tanong tungkol sa Information Bulletin na ito, makipag-ugnayan sa Hepe ng Dibisyon ng Tagapagpatupad ng Batas na si John Marsh sa (916) 210-6300.